NEW MUSLIM
ACADEMY



# Ang Kasaysayan ni Propeta Lot (AS)



Ang isa sa mga kasaysayan na paulit-ulit na binanggit sa Banal na Qur'an ay ang kasaysayan ni Propeta Lot (AS). Si Propeta Lot (AS) ay pamangkin ni Propeta  Abraham (AS). Nang manawagan si Propeta Abraham (AS) sa kanyang mga tao sa pagsamba sa Allah at sila ay tumanggi na tanggapin ang kanyang mensahe, sa una sila ay nagdesisyon na sunugin siya ng buhay, at ng sila ay nabigo, ay pinili nila na siya ipatapon. Tinanggap ni Propeta Lot (AS) ang mensahe ng kanyang tiyuhin at pinili na sambahin ang Nag-iisang Tunay na Diyos ng patago. Nang iniwan ni Propeta Abraham (AS) ang kanyang mga tao, si Propeta Lot (AS) ay sumama sa kanya. Pagkatapos ay hinirang ng Allah si Lot (AS) bilang isang Sugo at inutusan siya na pumunta sa isang partikular na rehiyon ng Levant na kilala bilang Sodoma.

# Ang Sodoma at ang mga Naninirahan dito



Ang lungsod ng Sodoma ay nasa kanlurang baybayin ng ng  Patay na Dagat (Dead Sea). Ang lungsod ng Sodoma ay mapanlinlang at puno ng imoralidad o kasamaan. Ang mga tao ay walang kahihiyan. Ang mga kriminal at gawaing kriminal ay nagkalat, at ang mga dumadaan sa bayan ng Sodoma ay nanganganib sa pagnanakaw at pisikal na pang-aabuso. Ang pangkalahatang kapaligiran ng bayan ay hindi isang matuwid na lipunan. Ang mga tao ni Lot (AS) ay walang moralidad, walang  mabuting asal at walang kahihiyan.

Ang pinakamalaking kasalanan ng mga tao ng Sodoma ay ang kanilang kawalan ng paniniwala at pagtanggi sa mga kautusan ng Allah. Tumanggi silang tanggapin ang pagsamba sa Nag-iisang Tunay na Diyos. Tahasan nilang nilabag ang utos ng Allah na nagbabawal sa sodomiya at homosekswal na mga gawain. Sa katunayan ang pakikipagtalik sa likurang bahagi (anal) at mga homosekswal na gawain, sodomiya, ay iniuugnay sa bayang ito dahil inimbento nila ang gawaing ito na hindi pa alam ng mga tao noon. Hinikayat nila ang bisyo imoralidad at kalaswaan. Sa bayang ito at sa mga tao nito ipinadala ng Allah si Propeta Lot (AS).

# Nanawagan si Lot (AS) sa mga Tao Tungo sa Allah

Si Propeta Lot (AS) ay tulad nang lahat ng mga Sugo na nauna at humalili sa kanya. Ito ay isang simpleng panawagan upang sambahin lamang ang Nag-iisang Tunay na Diyos. Nakapaloob sa pagsambang ito sa Nag-iisang Diyos ay ang kautusan na sumunod sa Kanya at Kanyang mga kautusan  at upang pigilan ang mga hangarin na sumasalungat sa kadalisayan. Sinasabi sa atin ng Allah na sinabi ni Lot (AS) sa kanyang mga tao,

"Hindi ka ba matatakot sa Allah at susundin Siya? Katotohanan!  Ako ay isang mapagkakatiwalaang Sugo sa iyo.  Kaya matakot sa Allah at sumunod sa akin.  Walang gantimpala ang hinihiling ko sa iyo para dito (sa aking Mensahe).  Ang aking gantimpala ay mula lamang sa Panginoon ng lahat ng nabubuhay." (26:161-164)

Sinabi niya sa kanila na iwasan ang mga gawaing ipinagbawal ng Diyos, "Nakagawa ba kayo ng imoralidad na walang nauna sa inyo mula sa sangkatauhan?  Tunay, na lumalapit ka sa mga lalaki nang may pagnanasa, sa halip na mga babae.  Sa halip, kayo ay mga taong lumabag sa batas."

# Ang Tugon ng mga Tao ng Sodoma

Tinanggihan ng mga tao ng Sodoma si Propeta Lot (AS) at ang mensahe ng Allah sa kanila. Sila ay naiinis sa mga salita ni Propeta Lot (AS) at mga paalala. Gagawin nila ang kanilang masasamang gawain sa publiko at pribado ng walang kahihiyan, siya ay kanilang binantaan at sinabi sa kanya na siya ay itataboy. Kanilang sinabi, “Kung hindi ka titigil, O Lot (AS)! Tiyak, isa ka sa mga itinaboy!”



# Ang mga Bisita ni Propeta Lot (AS)

Nagpadala ang Allah kay Propeta Abraham (AS) ng tatlong mga Anghel sa anyo ng mga magagandang lalaki. Pumunta sila upang ipaalam sa kanya amg masayang balita ng pangalawang anak na lalaki, si Isaac. Pagkatapos ay kanilang sinabi kay Abraham (AS) na sila ay susunod na bibisita sa Sodoma upang maisakatuparan ang kaparusahan ng Allah sa mga lumalabag. Sinabi nila kay Propeta Abraham (AS), "Kami ay ipinadala sa mga tao na mga kriminal, hindi naniniwala, mga naniniwala sa maraming diyos , at mga makasalanan." (15:58) Si Propeta Abraham (AS) nag-aalala para kay Lot (AS) at sa iilang mga mananampalataya na kasama niya, kaya't kanyang sinabi, " Nguni't naroon si Propeta Lot (AS)!" Ang mga Anghel ay tumugon, "Mas alam namin kung sino ang naroon; tunay na ililigtas namin siya at ang kanyang pamilya, maliban sa kanyang asawa, na mapapabilang sa mga naiwan." [29:32]

Nang ang mga bisita ay dumating sa tahanan ni Propeta Lot (AS), ay ninais niya (ni Lot) na itago ang mga ito mula sa taong bayan. Ang maybahay ni Propeta Lot (AS), na hindi isang mananampalataya, ay nagpunta at ipinaalam sa mga tao ang pagdating ng tatlong magandang kalalakihan. Nang ang taong-bayan ay lumitaw sa pintuan ng tahanan ni Propeta Lot (AS), ay hinarap niya ang mga ito na nagsasabing, "O aking mga nasasakupan! Narito ang aking mga anak na babae (i.e. ang mga anak na babae ng bayan); mas dalisay sila para sa iyo (kung pakakasalan ninyo sila ng ayon sa batas). Kaya matakot sa Allah at huwag ibaba ang aking sarili kung tungkol sa aking mga bisita! Wala ba sa inyong isang lalaki na may wastong pag-iisip?" (11:78)

# Ang Pagkawasak ng Sodoma

Sinabi ng tatlong Anghel kay Propeta Lot (AS) na hindi niya kailangang matakot. Dumating sila dala ang mga kautusan ng Allah. Inutusan nila si Propeta Lot (AS) na umalis sa bayan ng gabing iyon kasama ang kanyang pamilya at kung sinuman ang kasama niya at huwag lumingon. Sa pag-alis niya ng gabing iyon, ang kanyang maybahay ay tumangging sumama sa kanya, sa halip ay piniling manatili kasama ng mga tao, at kaya siya rin ay nalipol tulad nila.

Nagpaulan ang Allah ng mga bato sa mga tao ng lungsod, at naging sanhi ng pagtaas ng lungsod ng Sodoma, binaliktad, at muling itinapon pabalik sa lupa. Sinabi ng Allah, "Kaya siya ay aming iniligtas at ang kanyang pamilya, ang lahat maliban sa isang matandang babae (ang kanyang asawa) kasama ng mga naiwan. Samakatuwid, pagkatapos, ay winasak namin ang iba pa. At pinaulanan namin sila ng isang ulan (ng pagdurusa). At kung gaano kasama ang ulan sa mga nabigyan ng babala. Katotohanan, ito ay tunay na isang tanda, ngunit karamihan sa kanila ay hindi mga naniniwala." (26:170 – 174)



SCAN ME